BUOD NG IMPORMASYON NG ABOGADO NG LUNGSOD

ORDINANSA BILANG O-__21823____ (BAGONG SERYE)

PETSA NG HULING PAGPASA __Hunyo 10, 2024__

ISANG ORDINANSANG NAGPAPATAWAG NG MUNISIPAL NA PANGKALAHATANG ELEKSYON SA LUNGSOD NG SAN DIEGO SA MARTES, IKA-5 NG NOBYEMBRE, 2024, AT ISASAMA ANG MUNISIPAL NA PANGKALAHATANG ELEKSYON SA PAMBUONG-ESTADONG PANGKALAHATANG ELEKSYON NG CALIFORNIA NA GAGANAPIN SA PAREHONG PETSA.

Ang Ordinansang ito ay nagpapatawag ng Munisipal na Pangkalahatang Eleksyon sa Lungsod ng San Diego na gaganapin sa Martes, Ika-5 ng Nobyembre, 2024, para sa layunin ng pagnomina ng kandidato para sa mga katungkulan ng Mayor, Abogado ng Lungsod, at Miyembro ng Konseho para sa mga Distrito ng Konseho 3 at 9, alinsunod sa mga iniaatas ng Tsarter ng San Diego mga seksyon 10, 12, at 270(a). Inuutos ng Ordinansang ito ang pagsasama ng Munisipal na Pangkalahatang Eleksyon sa Pambuong-Estadong Pangkalahatang Eleksyon ng California na gaganapin sa Ika-5 ng Nobyembre, 2024. Nakasaad sa Ordinansa na ang mga presinto para sa eleksyon ay itatakda ng Lupon ng mga Superbisor at ang nga sentro ng botohan para sa eleksyon ay magbubukas mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Inaawtorisahan din ng Ordinansa ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego na bilangin ang mga boto sa Munisipal na Pangkalahatang Eleksyon.

Ang Ordinansang ito ay naglalaman ng paunawa na ang buong pagbasa sa Ordinansang ito ay isinagawa bago ang pagpasa nito, isang nakasulat o naka-print na kopya na ginawang mababasa ng Konseho sa Lungsod ng San Diego (Konseho ng Lungsod) at ng publiko isang araw bago ang pagpasa nito.

Alinsunod sa mga seksyon 275(c), 295(b), at 295(d) ng Tsarter ng San Diego, ang Ordinansang ito na nauugnay sa mga eleksyon ay maaaring ipasa ng Konseho ng Lungsod sa petsa ng pagpapakilala, na ang petsa ay ituturing na petsa ng pinal na pagpasa.

Isang kumpletong kopya ng Ordinansa ang makukuha para masiyasat sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod ng Lungsod ng San Diego, Ika-2 Palapag, City Administration Building, 202 C Street,

San Diego, CA 92101.

KJS:jdf
05/13/24
Or.Dept: Klerk ng Lungsod
Dokumento Blg.: 3648535